MGA SUPORTANG PAMPAMILYA NG POLL

Ang mga magulang at pamilya ang pinakamahalagang pinagmumulan ng kaalaman tungkol sa pag-unlad ng kanilang mga anak at sa mga karanasan nila sa labas ng paaralan. Ang mga pamilyang dual at multilingual ay nagdadala ng mayamang kultura at wika sa ating mga learning setting at nakikipagtulungan sa atin para masuportahan ang paglago at pag-unlad ng wika ng kanilang mga anak. Nagsisimula ang pakikipag-ugnayan sa pamilya sa pamamagitan ng personal na harapang pag-uusap sa mga pamilya sa mga unang pagkakataon. Napakahalaga ng mga unang pakikipag-ugnayang ito para makilala ang kapaligiran ng bata sa maagang pagkatuto ng wika at para bumuo ng ugnayan sa mga pamilya na nakabatay sa tiwala at paggalang sa isa't isa.

ESTRATEHIYA NG POLL:

Ang suportang pampamilya ay nagtatatag ng matibay na ugnayan ng tiwala at pakikipagtulungan sa pagitan ng mga pamilya at tagapagbigay suporta upang higit na mapalalim ang karanasan sa pagkatuto ng wika ng mga batang natututo ng maraming wika.

ITINATAGUYOD NG SUPORTANG PAMPAMILYA ANG...

- Usapan at pagbabahagi ng kaalaman sa pagitan ng mga magulang, pamilya, at tagapag-alaga
- Mga pagkakataong pahalagahan at matuto tungkol sa sariling wika at kultura
- Regular at nagpapatuloy na pakikipag-usap at pakikipag-ugnayan

MGA ISASAALANG-ALANGHABANGNAGDIDISENYO KA NG
MGA SUPORTANG PAMPAMILYA PARA SA IYONG MGA MULTILINGUAL NA MAG-AARAL

Makipagkita

- I-welcome ang mga pamilya sa kanilang sariling wika, magtakda ng oras upang makipag-usap tungkol sa kanilang anak, at simulang tukuyin ang mga paraan ng komunikasyon at patuloy na pakikipagtulungan.
- Ibahagi ang kahalagahan ng pagiging bilingual sa mga pamilya sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pag-uusap para magkaroon sila ng pagkakataong maipahayag ang kanilang mga alalahanin o tanong kung paano susuportahan ang kanilang mga anak.
- Ipakita ang interes sa mga karanasan sa pamumuhay ng pamilya para maipakita ang paggalang sa kanilang wika at kultura. Ito ay maghahanda ng matibay na pundasyon para sa tuloy-tuloy na pakikipagtulungan at kolaborasyon sa hinaharap.

Plano

- Gamitin ang form ng Panayam sa Mga Wika at Interes ng Pamilya para maging gabay sa mga pakikipag-ugnayan ng pamilya at matutunan ang tungkol sawika, mga interes, at mga kagustuhan ng bata.
- Magplano ng mga karanasan sa pagkatuto ng wika na mahuhugot mula sa mga natatanging talento at interes ng pamilyana natutunan mula sa inyong mga pag-uusap at panayam.
- Talakayin ang mga oportunidad para sa pagboboluntaryo at/o pakikilahok.

Magbahagi

- Panatilihing kasali ang mga pamilya. Ibahagi ang mga obserbasyon tungkol sa mga kakayahan, karanasan, at interes ng kanilang anak at talakayin ang mga paraan para maisulong at mapalawak ang pagkatuto ng mga bata sa bahay at sa inyong setting.
- Imbitahan ang mga pamilya sa mga espesyal na kaganapan tulad ng mga pagdiriwang ng holiday, mga pagtatanghal, community field trips, at mga workshop para sa magulang.

MGA MAPAGKUKUNAN:

Para matuto nang higit pa tungkol sa Mga Suportang Pampamilya, tingnan ang seksyong Mga Suportang Pampamilya sa **https://www.pollstrategies.org**